TOMO 12 BILANG 6 | ISSN NO. 2599-5405 | HUNYO 2025

LIBRE 'TO!

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI

IPASKIL ANG SULONG COVER SA INYONG UNIT AT CENTER BILANG PAGSUPORTA SA PELIKULANG "I REMEMBER YOU".

# "I REMEMBER YOU", SHOWING NA SA MGA SINEHAN SIMULA JULY 9!




Mapapanood na sa mga sinehan sa buong bansa simula Hulyo 9, 2025 ang pelikulang "**I Remember You**", na tampok sina JC Santos bilang Isagani—isang matagumpay na *bank manager* na ipinadala sa Boracay upang tumulong sa isang komunidad—at Valeen Montenegro bilang Debbie, ang kanyang dating kasintahan. Sa muling pagkikita, muling mabubuksan ang sugat ng nakaraan at susubukin sila ng tadhana para sa isang *second chance*—sa pag-ibig, sa buhay, at sa paglilingkod.

Ito ang kauna-unahang pelikula mula sa CARD MRI sa ilalim ng BENTE Productions Inc., na layuning maghatid ng mga kuwentong puno ng inspirasyon at pag-asa.

Kasama rin sa pelikula sina Paolo Angeles, Soliman Cruz, at Shamaine Buencamino, at ipinapakilala sina Sarah Panaguiton, Early Grace Abarro, at Adrianna Nicolette Cooper. Mula ito sa panulat at direksyon ni Boboy Yonzon.




## CARD RBI, MATAGUMPAY NA NAGSAGAWA NG TREE PLANTING SA BUTUAN CITY

ni Harlene Joy Reyes



*Makikita sa larawan ang mga kawani ng CARD RBI, ilang kliyente ng CARD MRI, at mga opisyal ng Barangay Lumbocan na nakiisa sa isinagawang pagtatanim ng 500 punla ng bakawan sa baybayin ng Lumbocan noong Mayo 17, 2025 bilang bahagi ng kanilang pagtulong sa kalikasan.*

Bilang bahagi ng kanilang pangangalaga sa kalikasan, nagsagawa ang CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI) ng isang *tree planting activity* sa Brgy. Lumbocan, Butuan City, Agusan del Norte noong Mayo 17, 2025.

Sa pakikipagtulungan ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) at ng Local Government Unit (LGU) ng Butuan City, matagumpay na nakapagtanim

P2

## CARD MBA CEO, KINILALA BILANG OUTSTANDING SAN PABLEÑO 2025

ni Edrian Banania




Pinarangalan ng Pamahalaang Lungsod ng San Pablo si CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA), CEO Ms. Jocelyn D. Dequito bilang isa sa mga Outstanding San Pableño 2025 sa larangan ng banking at *microfinance*. Iginawad ang pagkilala noong Mayo 7, 2025, kasabay ng pagdiriwang ng ika-85 Charter Anniversary ng lungsod.

Kabilang si Ms. Dequito sa 11 natatanging indibidwal na ginawaran ng parangal bilang pagkilala sa kanilang mahahalagang kontribusyon sa kani-kanilang mga sektor. Kinilala siya sa kanyang mahusay na pamumuno sa pagpapalawak ng serbisyong pinansyal at *microinsurance* sa mga komunidad — isang tagumpay na nagbibigay dangal sa CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), na kanyang kinakatawan.

P2

## CARD CLINICS, NAGBUKAS NG BAGONG PASILIDAD SA SAN PABLO CITY

ni Josephine Ramos




*(Mula kaliwa pakanan) Makikita sina CARD Clinics Vice President for Finance Ms. Tria Marie Torres, CARD Clinics President Dr. Roderick Belen, at CARD MRI client Ms. Angela De Luna sa opisyal na pagbubukas ng bagong pasilidad ng CARD Clinics, na isinagawa sa pamamagitan ng isang makabuluhang ribbon-cutting ceremony.*

Isang bagong hakbang patungo sa mas abot-kaya at mas pinadaling serbisyong pangkalusugan ang isinagawa ng CARD Clinics and Allied Services (CCAS) sa pagbubukas ng kanilang pinakabagong klinika at *diagnostic facility* sa M.L. Quezon St., City Subdivision, San Pablo City, Laguna noong Marso 5, 2025.

Nilalayon ng bagong pasilidad na higit pang mapalapit ang serbisyong medikal sa mga kliyente ng CARD MRI, mga kawani, at maging sa mas malawak na komunidad. Kabilang sa mga serbisyong iniaalok dito ay *laboratory tests*, *X-ray*, *electrocardiogram* (ECG), *blood extraction*, at konsultasyon.

P2

## KOA-PINYON:

Sarap sa pakiramdam na may CARD Clinics na malapit—maayos ang serbisyo, abot-kaya pa. Hindi mo na kailangang lumayo para maramdaman ang dekalidad na pangangalaga na may malasakit at puso.



Kwentong Tagumpay — Page 2

ANNIVERSERBISYO: YUGTO NG PAG-UNLAD AT PAG-ASA — Page 3

FROM THE MARGINS — Dr. Jaime Aristotle B. Alip, CARD MRI Founder and Chairman Emeritus — Page 4



## CARD CLINICS, NAGBUBUKAS ... P1

Dumalo sa pagbubukas sina CARD MRI Founder and Chair Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip, CARD MRI Managing Director Mr. Aristeo Dequito, at CARD Clinics President Dr. Roderick Belen, kasama ang iba pang mga opisyal ng CARD MRI, mga *senior adviser*, kawani, at ilang piling kliyente.

Sa kanyang mensahe, binigyang-diin ni Dr. Alip ang kahalagahan ng pagbubukas ng bagong klinika. "Ang aming mga kliyente ang tunay na inspirasyon sa likod ng klinikang ito. Dahil sa kanila, patuloy kaming nagsusumikap na maihatid ang serbisyong pangkalusugan na hindi lamang abot-kaya at maaasahan, kundi puno ng malasakit at puso—dahil sila ang puso ng CARD MRI."

Ibinahagi naman ni Dr. Belen na nagsimula ang CARD Clinics bilang isang maliit na pasilidad na nag-aalok lamang ng simpleng konsultasyon. "Ngunit dahil sa matibay naming pangarap na mas paglingkuran ang komunidad, unti-unti naming pinalawak at pinabuti ang aming mga serbisyo. Ngayon, buong puso kaming nagagalak na makapagbigay ng mas kumpleto, makabago, at dekalidad na pangangalaga sa mas malawak at mas maayos na pasilidad," aniya.

Nagpaabot naman ng pasasalamat si Ms. Angela De Luna mula Brgy. Bautista, San Pablo City, na kliyente ng CARD MRI mula pa noong 2007. Taos-puso niyang pinasalamatan ang CARD Clinics sa serbisyong dekalidad at abot-kayang kanyang natatanggap.

Sa mga susunod na buwan, inaasahang magdadagdag ang CARD Clinics ng mga bagong serbisyo tulad ng *minor surgical procedures, delivery room,* at *obstetrics* (OB) *ward* upang mas matugunan ang pangangailangang medikal ng mga kababaihan—mula sa pagbubuntis hanggang sa ligtas na panganganak. Ito ay patunay ng kanilang patuloy na pangakong maghatid ng mas kumpleto, maayos, at maagap na serbisyong medikal.

Para sa karagdagang impormasyon at mga *update*, bisitahin ang opisyal na Facebook *page* ng CARD Clinics: https://www.facebook.com/CARDClinicsOfficial.

## CARD RBI, MATAGUMPAY ... P1

ng 500 punla ng bakawan (*mangrove trees*) sa baybayin ng Lumbocan ang 46 na kawani ng CARD RBI, katuwang ang ilang piling kliyente at *barangay officials*.

Layunin ng proyektong ito na protektahan ang mga baybaying-dagat ng Butuan laban sa pagbaha at pagguho ng lupa. Kasabay nito, pinalalakas ang kalikasan sa pamamagitan ng pagtatanim muli ng mga bakawan bilang isang hakbang laban sa matinding epekto ng pagbabago ng klima.

Ayon kay CARD RBI President and CEO Ms. Lyneth Derequito, ang aktibidad ay patunay ng pangako ng institusyon sa responsableng paglilingkod — hindi lamang sa larangan ng pananalapi kundi pati na rin sa pangangalaga ng kalikasan. "Ang pagtatanim ng bakawan ay hindi lamang simbolo ng ating malasakit sa kapaligiran, kundi isang konkretong hakbang tungo sa mas ligtas, matatag, at makakalikasang kinabukasan para sa komunidad at sa mga susunod na henerasyon," ani niya.

Ang nasabing *tree planting activity* ay bahagi ng mas malawak na *sustainability initiatives* ng CARD MRI, kung saan isinasagawa ang mga ganitong proyekto sa iba't ibang bahagi ng bansa upang palakasin ang pakikibahagi ng mga kawani, kliyente, at lokal na pamahalaan sa pangangalaga sa kalikasan.

Ang CARD MRI Rizal Bank ay isang *microfinance-oriented rural bank* na kabilang sa CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), isang grupo ng *mutually reinforcing institutions* na nakatuon sa pagbibigay ng *microfinance, insurance,* edukasyon, kalusugan, at iba pang serbisyo para sa mga komunidad bilang tugon sa layunin nitong wakasan ang kahirapan sa Pilipinas.

Para sa iba pang impormasyon tungkol sa mga programa ng CARD RBI, bisitahin ang kanilang opisyal na Facebook *page* sa @CMRBOfficial o sa kanilang *website* sa https://www.cardmri.com/rbi/.

## CARD MBA CEO, ... P1

"Ang parangal na ito ay hindi lamang para sa akin, kundi para sa lahat ng naglilingkod nang buong puso upang maiangat ang buhay ng mga nasa laylayan," ani Ms. Dequito. "Taos-puso akong nagpapasalamat sa Lungsod ng San Pablo sa pagkilalang ito, at sa CARD MRI na naging tahanan, inspirasyon, at matibay kong sandigan sa loob ng 35 taon ng paglilingkod."

**Serbisyong itinaguyod ng sipag at paglilingkod**

Taong 1990 nang magsimula si Ms. Dequito sa CARD MRI bilang Secretary/Cashier ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO). Hindi nagtagal, dahil sa kanyang kasipagan at galing sa pamamahala ng pananalapi, siya ay naitalaga bilang Accounting Officer at pagkatapos ay Finance Manager noong 1996. Sa loob ng mahigit isang dekada, mula 2001 hanggang 2013, siya ang namuno sa *finance department* ng institusyon. Kalaunan, siya ay hinirang na Deputy Executive Director noong 2013, at tuluyang naging Executive Director noong 2016 hanggang 2021.

"Ang mga unang taon ko sa CARD MRI ang nagsilbing matibay na gabay sa aking paglilingkod. Dito ko unang natutuhan ang tunay na kahulugan ng malasakit, dedikasyon, at paninindigan—mga prinsipyong patuloy kong pinanghahawakan sa bawat desisyong ginagawa ko bilang lider sa larangan ng pananalapi at *microinsurance*," ani Ms. Dequito.

Sa kasalukuyan, si Ms. Dequito ay nanunungkulan bilang CEO ng CARD MBA, ang *microinsurance arm* ng CARD MRI. "Malaking responsibilidad at pribilehiyo ang mamuno sa CARD MBA. Sa tulong ng aming masigasig na *team*, patuloy naming tinutupad ang layuning itaas ang antas ng kabuhayan ng mga kliyente sa komunidad," dagdag pa niya.

Ang CARD MBA ay isang *non-stock, non-profit mutual benefit association* na itinatag upang itaguyod ang kapakanan ng mga kliyente. Layunin nitong magbigay

P3

## CARD MRI, ISINAGAWA ANG KOA EVENTS AT KOA SUSTAINABILITY CIRCLE SA TARLAC

*ni Harlene Joy Reyes*



*Sa itaas na larawan, makikita ang mga kawani at kliyente ng CARD MRI na nakilahok sa paggawa ng coin banks at wallets sa pamamagitan ng Koa Sustainability Circle. Samantala, sa ibabang larawan naman, tampok ang ilang kawani ng CARD MRI na naging bahagi ng Koa Kafe habang masayang tinatangkilik ang libreng inumin.*

Isinagawa ng CARD MRI, sa pangunguna ng CARD MRI Publishing House, ang *Koa Events* at *Koa Sustainability Circle* sa lungsod ng Tarlac noong Mayo 15–17, 2025.

Layunin ng Koa Events na palaganapin ang kahalagahan ng pagbabasa sa buong komunidad ng CARD MRI. Samantala, inilunsad naman ang *Koa Sustainability Circle* upang hikayatin ang pangangalaga sa kalikasan. Sagisag ng mga programang ito si "Koa the Kwago," ang opisyal na mascot ng CARD Publishing na nagdadala ng makabuluhang kwento at malikhaing programa na nagbibigay-inspirasyon sa komunidad, mga haliging sumasalamin sa misyon ng CARD MRI na maglingkod nang tapat sa mga kliyente sa kabila ng anumang pagsubok.

"Ang pagbibigay-halaga sa edukasyon at kalikasan ay hindi lamang namin adhikain, ito ay panatang isinasabuhay ng CARD MRI. Sa pamamagitan ng *Koa Events* at *Koa Sustainability Circle*, nais naming iparating na ang karunungan at malasakit sa kapaligiran ang pundasyon ng mas makabuluhang kinabukasan," ani CARD Publishing President Marilyn Manila.

Kasama ang *Koa Squad*, isang grupo ng mga kawani ng CARD Publishing na aktibong nagpapatupad ng mga programa, isinagawa ang *Koa Storytelling* para sa mga anak ng kliyente ng CARD Bank, Inc. sa unit ng Capas at La paz noong Mayo 15, 2025. Umabot sa 35 bata ang lumahok sa *storytelling session* na tampok ang *storybook* na "Ang Magic Alkansya ni Carding," na nagtuturo ng kahalagahan ng pag-iimpok mula pagkabata. Bukod sa pakikinig, nagkaroon din sila ng pagkakataong magkulay at magsaya.

Bilang pasasalamat, tumanggap ang mga bata ng Koa Kit na naglalaman ng *notebook*, lapis, krayola, pambura, at mga *coloring book* na "Ang Magic Alkansya ni Carding" at "Ang Lapis ni Anya." Nakatanggap din sila ng *Koa Coin Bank*, na likha ng mga kawani ng CARD MRI sa pamamagitan ng *Koa Sustainability Circle*.

Noong Mayo 16 naman, ginanap ang Koa Kafe sa CARD Bank Tarlac Branch na dinaluhan ng 125 kliyente at kawani. Kasabay ng libreng kape, *calamansi juice*, at *Indomie noodles*, masiglang nakilahok ang mga dumalo sa mga palaro at aktibidad na inihanda ng *Koa Squad*.

Sa huling araw ng aktibidad, Mayo 17, ginanap ang Koa Sustainability Circle sa CARD, Inc. Capas Unit. Isinagawa dito ang dalawang *workshop*: ang Taka-Making Workshop para sa mga kawani ng CARD MRI at Paper Wallet Weaving Workshop para sa mga kliyente.

Sa Taka-Making Workshop, 27 kawani ang gumawa ng mga *coin bank* gamit ang lumang dyaryo at papel, na ipamamahagi sa mga bata sa susunod na *Koa Storytelling*. Samantala, 13 kliyente ang lumahok sa Paper Wallet Weaving Workshop kung saan gumawa sila ng sariling *wallet* mula rin sa mga lumang dyaryo at papel, na kanilang dinala bilang *souvenir*.

Ang *Koa Sustainability Circle* ay isa sa mga inisyatiba ng CARD MRI upang mabawasan ang paggamit ng papel at hikayatin ang komunidad na maging mas responsableng tagapangalaga ng kalikasan.

Ani Manila, "Ang bawat pahina ng dyaryo at papel na muling ginagamit ay nagbibigay-buhay sa kalikasan. Sa mga simpleng aktibidad na ito, natututo ang komunidad na ang *sustainability* ay nagsisimula sa sariling tahanan at opisina. Nais naming palaganapin ang kamalayang ito upang sabay-sabay tayong makapag-ambag sa mas malinis at mas responsableng kapaligiran."

Ang CARD Publishing ang komunikasyon at publisidad na sangay ng CARD MRI na naglalayong maghatid ng mga kuwento ng inspirasyon at kaalaman sa publiko sa pamamagitan ng *social media* at mga publikasyon.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang kanilang Facebook *page* sa @PublishingHouseInc o ang opisyal na *website* sa https://www.cardmri.com/publishinghouse/.

# KUWENTONG TAGUMPAY

## SULYAP NG PAG-ASA SA LIKOD NG BAMBOO BARBEQUE STICK *ni Loigie Onda*




*Ipinakita ni Rovelyn M. Talawi mula sa General Santos City ang kanyang bamboo barbeque sticks na naging kabuhayan ng kanilang pamilya at daan sa pagbangon mula sa kahirapan. Patunay na posible ang umasenso kahit sa simpleng simula.*

Dahil sa pagmamahal at pangarap para sa kinabukasan ng kanyang pamilya, nagsumikap si Rovelyn M. Talawi mula Sitio Pao-Pao, Sinawal, General Santos City na baguhin ang takbo ng kanilang buhay sa simpleng negosyo ng *bamboo barbeque sticks*.

Maagang nakapagasawa si Rovelyn kaya agad niyang naramdaman ang mabigat na responsibilidad na suportahan ang kanyang pamilya. Bagamat puno ng kawalang-katiyakan ang hinaharap, hindi siya sumuko at patuloy na nagsumikap upang maibigay ang pinakamahusay para sa kanyang anak.

Pitong taon na ang nakalipas nang makilala niya ang CARD, Inc. (A Microfinance NGO) sa ilalim ng CARD MRI. Sa tulong ng unang *loan* na PhP 10,000.00, sinimulan niyang paandarin ang kanyang negosyo. Kasabay nito, ginamit din nila ng kanyang asawa ang PhP 55,000.00 na *loan* bilang dagdag kapital. Bagamat maliit ang pasimula, unti-unting lumago ang kanilang *bamboo barbeque sticks business*.

Hindi naging madali ang buhay ni Rovelyn lalo na nang nagkasakit ang kanyang mga magulang. Umabot sa mahigit PhP 200,000.00 ang gastos nila sa ospital, dahilan para mauubos ang kanilang ipon at kinailangan niyang ilaan ang lahat ng kanyang kita para sa kanilang paggagamot. Sa gitna ng pagsubok, malaking tulong ang naibigay ng *insurance* mula sa CARD, Inc. "Hindi kami iniwan ng CARD sa oras ng pangangailangan," ani Rovelyn.

Dahil sa kanyang determinasyon, patuloy siyang kumuha ng *loan* upang maayos at mapalago ang negosyo na muntik nang bumagsak. Sa tulong ng mga pautang, naibalik niya ang sigla ng kanyang negosyo at nakapagsimula pa ng *sari-sari store*. Ngayon, malaki na ang benta ng kanyang *barbeque sticks* at kalahati ng kita ay inilalagay niya bilang kapital sa bagong negosyo ng pagbebenta ng bigas na umaabot ng 37 sako kada buwan.

Dahil dito, naligtas sila mula sa pagkabaon sa utang na posibleng magdala sa kanila sa kahirapan. Ang tagumpay na ito ang lalong nagpapatibay sa kanyang paniniwala na may magandang bukas silang hinihintay.

"Napakalaking biyaya ang CARD, Inc. sa amin. Hindi lang tulong pinansyal ang aming natanggap, kundi pati kaalaman at lakas ng loob mula sa kanilang mga pagsasanay na naging gabay namin sa pagbangon," ani Rovelyn.

Hindi lamang ito kuwento ng negosyo, kundi kuwento ng tapang, pag-asa, at walang hanggang determinasyon. Mula sa isang maliit na tahanan, ngayon ay may matibay na silang bahay, tatlong motorsiklo, at isang bagong minivan. Ang kanilang anak na si Eden ay nag-aaral sa isang magandang pribadong paaralan sa pamamagitan ng *scholarship*—isang patunay ng pagsisikap at sakripisyo ng pamilya.

Simple ngunit makabuluhan ang payo ni Rovelyn: "Mag-ipon at magplano bago gumastos. Maraming bagay ang nais bilhin, ngunit hindi lahat ay kailangan. Gamitin ang pera para sa mga mahahalagang bagay."

Nang siya'y 18 anyos, ang unang *loan* niya ay PhP 5,000.00 na ginamit sa pagbili ng abono para sa mais. Bagama't mahirap bayaran noon, nagawan niya ng paraan. Ngayon, kaya na niyang mangutang at magbayad nang mas malaki kada linggo, at may segurong kinabukasan na siya—patunay ng kanyang pag-unlad. Ang unang kita mula sa mais ay inilaan niya sa negosyo na naging sandigan nila araw-araw: ang *bamboo barbeque sticks*.

Ang kuwento ni Rovelyn ay higit pa sa tagumpay sa pananalapi. Ito ay kuwento ng sipag, pagtitiwala sa sarili, at pag-asa. Sa pamamagitan ng kanyang pagsisikap, natulungan niya ang pamilya, naipag-aral ang mga pamangkin, at nakapag-ipon. Pinapakita niya sa lahat na posible ang magandang buhay kahit nagsimula sa hirap.

## NILUTO SA PAGSISIKAP TUNGO SA TAGUMPAY
*ni Josephine Ramos*




*Ipinagmamalaki ni Marita Villamor ang crispy pata business na kanyang itinaguyod at minahal ng mga suki sa loob ng halos apat na dekada.*

Lumaki sa Sampaloc, Manila si Marita na may pangarap na maging isang *"office girl."* Kaya't kumuha siya ng kursong *secretarial* sa kolehiyo at sumabak pa sa *typing class*, bitbit ang pangarap na magkaroon ng maayos na trabaho at umahon sa buhay.

Ngunit hindi ang mesa sa opisina ang kanyang tinahak, kundi ang lutuan sa kusina. Noong 1986, habang nagsisimula siyang bumuo ng pamilya, inalok siya ng kanyang ninong—na may babuyan—na suplayan siya ng karneng baboy. Mula roon, ipinanganak ang kanyang *crispy pata business*.

Hindi malilimutan ni Marita ang unang mga suki: ang kanyang mga kaibigan at kapitbahay na buong suporta sa kanya mula simula. Hanggang ngayon, kahit naninirahan na siya sa probinsya, may ilan pa rin sa kanila ang dumarayo sa kanyang tindahan sa Maynila—at hindi umaalis nang walang dalang *crispy* pata bilang pasalubong.

Alas-singko pa lamang ng umaga ay gising na si Marita, nagsisimula nang maghanda. Kahit pagod mula sa araw-araw na gawain, hindi siya nagpapahinga. Para sa kanya, ang bawat araw ay pagkakataon para magtaguyod ng kabuhayan at maitaguyod ang kanyang pamilya.

Dahil sa kanyang dedikasyon, unti-unting lumago ang negosyo. Ngayon, may dagdag na pwesto na siya at ilang empleyado—isang bunga ng mahabang panahong pagsusumikap.

Malaki rin ang naging ambag ng CARD, Inc. (*A Microfinance NGO*) sa pag-unlad ng kanyang negosyo. Umabot sa PhP 200,000.00 ang pinakamalaking *loan* na nakuha niya, na naging dagdag na kapital para sa negosyo.

Sa loob ng halos apatnapung taon, maraming pagsubok ang hinarap ni Marita, ngunit mas marami pa rin ang kanyang naabot. Para sa kanya, ang tunay na tagumpay ay hindi lamang nasusukat sa dami ng benta o laki ng pwesto, kundi sa pagkakataong napag-aral niya sa kolehiyo ang kanyang dalawang anak.

Para sa mga nangangarap ngunit natatakot magsimula, may mensahe si Marita:

"Huwag kang matakot sumubok, kahit hindi ito ang una mong plano. Darating ang araw na pasasalamatan mo ang sarili mo dahil nagkaroon ka ng lakas ng loob na magsimula."

## CARD MBA CEO,... P1

ng tulong-pinansyal tulad ng *death benefits, medical subsidy, pension,* at *loan redemption packages*. Aktibo ring kalahok ang mga kliyente sa pamamahala ng samahan, mula sa pagbuo hanggang sa pagpapatupad ng mga polisiya at patakarang nakatuon sa pagpapatuloy at pagpapabuti ng mga serbisyo.

**Pasasalamat at paninindigan sa serbisyo**

"Kung nasaan man ako ngayon, ito ay bunga ng walang sawang suporta ng buong CARD. Buong puso akong nagpapasalamat sa pamunuan ng CARD MRI sa tiwalang ibinigay nila mula pa noong simula," pahayag ni Ms. Dequito. "Lubos din ang aking pasasalamat sa mga kawani na naging katuwang ko sa bawat hamon. Ang pagkilalang ito ay hindi lang para sa akin, kundi para rin sa kanila. Patuloy akong maninindigan para sa tapat at makabuluhang serbisyo, at ibabahagi ko ang aking kaalaman upang mas marami pa ang makapaghatid ng positibong pagbabago sa ating mga komunidad."

Dinaluhan ito ng mga opisyal ng pamahalaan, kinatawan mula sa iba't ibang organisasyon, at mga *media*.

# BUKAS para sa LAHAT

## CARD Indogrosir, nagbukas ng dalawang bagong sangay sa Batangas at Rizal *ni Harlene Joy Reyes*

Nagbukas ang CARD Indogrosir ng dalawang bagong sangay sa Poblacion 4, Balayan, Batangas, at Brgy. Eastwood Residences, Montalban, Rodriguez, Rizal noong Mayo 23 at 30, 2025. Layunin ng mga ito na suportahan ang mga may-ari ng *sari-sari store*, maliliit na negosyo, at buong komunidad sa mga nabanggit na lugar.

Sa pamamagitan ng pagtutulungan ng CARD MRI at Salim Group of Indonesia, patuloy na pinalalawak ng CARD Indogrosir ang kanilang serbisyo upang higit pang maipaabot ang dekalidad at abot-kayang mga produkto sa mas maraming negosyo at pamilyang Pilipino.

Kasabay ng pagbubukas ng mga bagong sangay, inilunsad din ang mga espesyal na *promo* tulad ng *Buy One, Get One offers, online games,* at ang *Indogrosir Caravan* na naglalayong palakasin ang suporta sa mga lokal na negosyante.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang opisyal na Facebook *page* ng CARD Indogrosir: @CARDIndogrosir.

SULONG ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito   Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Cyrene Grace DC. Lubigan
Editor-in-Chief

Roxanne Faye O. Aruta
Associate Editor

Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists

Edrian B. Banania
Harlene Joy F. Reyes
Josephine M. Ramos
Writers

# CROSSWORD PUZZLE


Subukan mo na ang iyong kaalaman mula sa iyong mga nabasang kuwento at impormasyon mula sa Sulong 12 bilang 6 at manalo ng **PHP 100.00 load** via konek2CARD at iba pang papremyo!

Upang manalo, sundin lamang ang mga patnubay na ito:
1. Siguraduhing nabasa nang mabuti ang nilalaman ng isyung ito bago magsimulang sagutan ang crossword puzzle na ito.
2. Basahin sa ibaba ang mga pangungusap na naglalarawan sa mga salitang iyong ilalagay sa mga kahon ng Crossword Puzzle.

Kuhanan ng litrato ang iyong nabuong Crossword Puzzle at ipadala sa Facebook page ng CARD MRI Publishing House sa **@PublishingHouseInc** o ihulog sa pinakamalapit na dropbox sa piling CARD Indogrosir Stores sa inyong lugar kasama ng iyong buong pangalan, institusyon, pangalan ng CARD center at unit nito.

Pipili tayo via e-raffle ng entries na may tamang sagot hanggang **Hulyo 31, 2025** at sila ang makatatanggap ng papremyo.

Full name: ____________________ Institution: ______________
Name of center: ____________________ Unit: ______________




**Pababa:**

1. Anong institusyon sa ilalim ng CARD MRI kabilang si Marita Villamor mula sa Sampaloc, Manila? Ang institusyong ito ang nakatulong sa kanya sa pagpapalago ng kanyang puhunan sa negosyo.
2. Pinarangalan ng Pamahalaang Lungsod ng San Pablo si CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA), Inc., CEO Ms. Jocelyn D. Dequito bilang isa sa mga Outstanding San Pableño 2025 sa larangan ng banking at___________.
3. Ito ay isang matamis na uri ng kendi na paborito ng marami na naging negosyo ni Nanay Marilyn Parco mula sa Atimonan, Quezon at isang miyembro ng CARD Bank, Inc.
5. Anong pangalan ng karakter ni JC Santos sa pelikulang "I Remember You"?
7. Anong puno ang itinanim ng mga kawani ng CARD RBI, ilang kliyente ng CARD MRI, at barangay officials ng Brgy. Lumbocan sa baybayin sa Brgy. Lumbocan, Butuan City, Agusan del Norte noong Mayo 17, 2025? Mangrove Trees ang tawag dito sa ingles.

**Pahalang:**

4. Anong institusyon sa ilalim ng CARD MRI ang nagbukas ng dalawang bagong sangay sa Batangas at Rizal na may layuning makatulong sa mga may-ari ng sari-sari store, maliliit na negosyo, at buong komunidad sa mga nasabing mga lugar?
6. Anong programa ang isinagawa ng CARD MRI Publishing House sa lungsod ng Tarlac noong Mayo 15–17, 2025, na may layuning itaguyod ang kahalagahan ng pagbabasa sa buong komunidad ng CARD MRI?
8. Binuksan ng CARD Clinics and Allied Services (CARD Clinics) ang kanilang bagong __________ at diagnostic facility sa M.L. Quezon St., City Subdivision, San Pablo City, Laguna noong Marso 5, 2025.




# KWENTUNAY

*Mga Kwentong Tunay mula kay Nanay*

## TIKMAN AT MATUTUHAN: YEMA RECIPE NI NANAY MARILYN



Sa likod ng bawat matamis na yema ni Nanay Marilyn Parco ay ang kuwento ng isang inang walang sawang nagsusumikap para sa kanyang pamilya. Tubong Atimonan, Quezon at 52 taong gulang, si Nanay Marilyn ay kliyente ng CARD Bank, Inc. simula pa noong 1999. Apat ang kanyang anak, at sabay-sabay niya silang pinag-aral—kaya naman pinili niyang mangibang-bansa mula 2010 hanggang 2013 upang matustusan ang kanilang mga pangangailangan.

Pagbalik niya sa Pilipinas, pinuhunan niya ang kanyang naipon sa pagbili ng *tricycle* at pagtatayo ng *sari-sari store* sa tulong ng loan mula sa CARD Bank. Ngunit hindi dito nagtapos ang kanyang kuwento bilang negosyante. Upang madagdagan pa ang kita, naisip niyang gumawa ng yema—ang paboritong kendi ng maraming Pilipino.

Sa una'y simpleng panindang dinadagdag sa tindahan, ngunit sa sipag, tiyaga, at pagmamahal ni Nanay Marilyn sa kanyang produkto, naging *best-seller* ito sa kanilang barangay. Regular na itong ino-order ng mga suki at madalas pa niyang inilalako sa iba't ibang lugar.

Para kay Nanay Marilyn, hindi kinakailangan ng magarbong kagamitan o mamahaling kasangkapan sa paggawa ng yema —ang mahalaga ay malinis ang paggawa, masarap ang lasa, at maayos ang pagkakabalot.

Narito ang gabay sa paggawa ng yema ni Nanay Marilyn:

**Mga sangkap at materyales na kailangan:**
- 1 lata ng *condensed milk*
- ½ tasa ng dinurog na mani
- 1 kutsara ng *margarine*
- (Opsyonal) Kaunting *white sugar* (para sa dagdag tamis)
- (Opsyonal) *Vanilla extract* (para sa mas mabangong aroma)
- Kawali
- Kahoy na sandok
- Plato o *tray*
- Kutsara
- Masapan *wrapper* o *candy cellophane*

**Paraan ng Paggawa:**

1. Ilagay ang kawali sa mahinang apoy.
2. Ibuhos ang *condensed milk*.
3. Idagdag ang dinurog na mani at *margarine*. Ilagay na rin ang sugar at vanilla kung nais mo ng mas matamis na yema.
4. Haluin nang tuloy-tuloy gamit ang kahoy na sandok. Walang tigil sa pag-halo! Ito ang sikreto para hindi masunog ang ilalim.
5. Kapag lumapot na ang *mixture* at hindi na dumidikit sa kawali (karaniwang inaabot ng 10–15 minuto), luto na ito.
6. Patayin ang apoy at hayaang lumamig nang bahagya.
7. Gumamit ng kutsara at kumuha ng tamang dami. I-roll sa palad hanggang maging bilog o oblong ang hugis.
8. Ibalot sa masapan *wrapper* o *candy cellophane*. Ready to enjoy na ang yema mo!

**Tip mula kay Nanay Marilyn:** "Kung nais mong i-level up ang simpleng yema, huwag kang matakot mag-eksperimento. Maaaring dagdagan ito ng *chocolate drizzle* o ube *flavor* para sa kakaibang sarap. Gumamit din ng *mold* kung nais mong maging mas maganda ang bawat piraso. Tulad ng negosyo, ang tagumpay ay nagsisimula sa maliit—pero sa sipag, diskarte, at malasakit sa ginagawa, puwede itong maging espesyal."

## SULONG COMICS

